

**Suportang Aklat-Aralin para sa
Pagsasanay sa Pagmamaneho ng Excavator
Loader**

Ang karagdagang aklat-araling ito ay batay sa "Excavator Loader Driver's Textbook" (na inilathala ng Japan Industrial Safety and Health Association, noong Marso 18, 2021, ika-apat na edisyon) sa pakikipagtulungan ng Japan Industrial Safety and Health Association. Ito ay isang sipi na bersyon na nilikha sa proyekto na kinomisyon ng Ministry of Health, Labor and Welfare para sa taong 2021. Nilathala ito para sa layuning mapaghusay nang mas epektibo ang edukasyon para sa mga dayuhang manggagawa.

Pakitandaan na kapag nagsasagawa ng training, kinakailangan gamitin itong pandagdag na materyal sa pagtuturo kasama ang aklat-aralin ng pagsasanay na ibinigay ng rehistradong training institution, sa halip na gamitin lamang ito ng iisa.

Marso 2022

ANG MGA NILALAMAN

Volume 1 Pankalahatang Panuntunan.....	4
Kabanata 1 Ang Outline ng Excavator Loader (teksto p.13).....	4
Seksyon 1 Mga Kahulugan at Mga Tinatampok ng mga Excavator Loader (teksto p.13)	4
Seksyon 2 Mga Uri ng Excavator Loader (teksto p.15)	7
Seksyon 3 Pangunahing Detalye at Sukat (teksto p.16)	7
Kabanata 2 Mga Paggamit Tulad ng Excavator Loader (teksto p.25)	10
Seksyon 1 Estabilidad ng Excavator Loader (teksto p.25).....	10
Seksyon 2 Bilis ng Takbo (teksto p.27).....	10
Seksyon 3 Distansya kapag Huminto (teksto p.27).....	10
Seksyon 4 Bilis ng Pag-angat (teksto p.28).....	10
Seksyon 5 Iba pa (teksto p.28)	10
Volume 2 Kaalaman sa Istruktura at Paraan ng Paghawak ng mga Kagamitan na may Kaugnayan sa Pagpapatakbo ng Excavator Loader	11
Kabanata 1 Istruktura (teksto p.31)	11
Seksyon 1 Motor (teksto p.31).....	11
Seksyon 2 Power Transmission Device (teksto p.42)	15
Seksyon 3 Traveling device (teksto p.50).....	15
Seksyon 4 Control Device (tekstop.52)	15
Seksyon 5 Braking Device (teksto p.56).....	20
Seksyon 6 Naka-attach na Kagamitan (teksto p.59)	22
Kabanata 2 Pamamaraan ng Pagpapatakbo (teksto p.61).....	23
Seksyon 1 Pangunahing Usapin (teksto p.61).....	23
Seksyon 2 Mga Rekomendasyon Bago Simulan ang Trabaho (teksto p.62).....	24
Seksyon 3 Periodic na Pag-inspeksyon (teksto p.63)	25
Seksyon 4 Pagsisimula ng Operasyon at Kaalaman (teksto p.64)	26
Seksyon 5 Pag-start, Pagmamaneho at Kaalaman (teksto p.66)	28
Seksyon 6 Pansamantalang Paghinto / Pagparada at mga Tip Pagkatapos Magmaneho (teksto p.70)	32
Volume 3 Kaalaman sa Istruktura at Paraan ng Pagdala ng mga Kagamitan na may kaugnayan sa Paghawak ng Kargamento Tulad ng Excavator Loader.....	38
Kabanata 1 Istruktura (teksto p.79)	38
Seksyon 1 Mga Handling Device (teksto p.79).....	38
Seksyon 2 Hydraulic System (teksto p.82)	40

Seksyon 3 Head Guard (teksto p.88).....	45
Seksyon 4 Fork Loader (teksto p.89).....	46
Seksyon 5 Palette (teksto p.91).....	48
Kabanata 2 Handling Method (teksto p.98).....	49
Seksyon 1 Bigat at Estabilidad ng Sasakyan (teksto p.98).....	49
Seksyon 2 Paraan ng Pagtatrabaho (teksto p.100).....	52
Volume 4 Kaalaman sa Mechanics na Kinakailangan sa Pagmamaneho ng Excavator Loader	60
Kabanata 1 Puwersa (teksto p.111).....	60
Seksyon 1 Puwersa (teksto p.111).....	60
Seksyon 2 Moment ng Force (teksto p.115).....	60
Section 3 Balanse ng Puwersa (teksto p.117).....	63
Kabanata 2 Mass / Timbang at Sentro ng Grabidad (teksto p.121).....	64
Seksyon 1 Mass • Timbang (teksto p.121).....	64
Seksyon 2 Sentro ng Grabidad (teksto p.124).....	67
Seksyon 3 Estabilidad ng mga Bagay (nakalapad) (teksto p.125).....	68
Kabanata 3 Paggalaw ng mga Bagay (teksto p.130).....	69
Seksyon 1 Bilis (teksto p.130).....	69
Seksyon 2 Acceleration (teksto p.131).....	69
Seksyon 3 Inertia (teksto p.131).....	69
Seksyon 4 Centrifugal Force (teksto p.132).....	69
Seksyon 5 Friction (teksto p.133).....	70
Kabanata 4 Mga Load, Stress at Tibay ng Materyales (teksto p.135).....	72
Seksyon 1 Load (teksto p.135).....	72
Seksyon 2 Stress (teksto p.138).....	72
Seksyon 3 Tibay ng Materyales (teksto p.138).....	72
Volume 5 Kaugnay na Batas at Regulasyon.....	73
Kabanata 1 Bago Matutunan ang Kaugnay na Batas at Regulasyon (teksto p.145).....	73
Kabanata 2 Pangkalahatang Ideya ng Industrial Safety and Health Act (teksto p.148)...	74
Kabanata 3 Industrial Safety and Health Act (Sipi) (teksto p.154).....	74
Kabanata 4 Ordinansa sa Pagpapatupad ng Batas sa Kaligtasan at Pangkalusugan na Pang-industriya (Sipi) (teksto p.164).....	76


Kabanata 5 Mga Regulasyon sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Sipi) (teksto p.167)	77
Kabanata 6 Mga Panuntunan sa Skill training sa Operasyon para sa Mga Excavator Loader, atbp. (Teksto p.188)	89
Kabanata 7 Mga protocol ng espesyal na edukasyon sa kaligtasan at kalusugan (kopya) (Teksto p.196)	89
Kabanata 8 Structural Standards para sa Shovel Loaders, atbp. (Teksto p.197)	89
Kabanata 9 Mga Alituntunin para sa Pana-panahong Self Inspection ng Mga Excavator Loader, atbp. (Teksto p.203)	89
Volume 6 Kaso ng mga Disgrasya	90
Listahan ng mga disgrasya (uri ng disgrasya) (teksto p.217)	90
Kaso 1 Pagkahulog sa Shoulder Lane (Teksto p.218)	91
Kaso 2 Pagkahulog sa Fork Loader Dahil sa Pagyanig (Teksto p.220)	93
Kaso 3 Nasagasaan ng Papaatras na Fork Loader Habang Inaasikaso ang Kondisyon ng mga Kargamento (teksto p.222)	95
Kaso 4 Nasagasaan ng Excavator Loader sa Oras ng Start-up Inspection (teksto p.224)	97
Kaso 5 Nasagasaan ng Umaandar na Excavator Loader (teksto p.225)	98
Kaso 6 Nabagsakan ng mga Troso mula sa Fork Loader (teksto p.227)	100
(Teksto p.229)	101
Kaso 8 Naipit sa Airframe at Nakakabit na Sheet Pile (teksto p.231)	103
Kaso 9 Naipit ang Ulo sa Arm ng Excavator Loader (teksto p.233)	105
Kaso 10 Nahulog ang Concrete Block na Iniangat Gamit ang Excavator Loader (Teksto p.235)	107

Volume 1: Pankalahatang Panuntunan


Kabanata 1 Ang Outline ng Excavator Loader (teksto p.13)

Sekyon 1 Mga Kahulugan at Mga Tinatampok ng mga Excavator Loader (teksto p.13)

Ang excavator loader ay isang two-wheel drive na sasakyan kung saan ang excavator (bucket) na nakalagay sa harap ng kaha ng sasakyan ay iginagalaw pataas at pababa sa pamamagitan ng lift arm upang mahawakan ang mga kargamento (Larawan. 1-1, Larawan 1-2).



Larawan 1-1 Excavator Loader (walang reach mechanism)



Larawan 1-2 Excavator Loader (mayroong reach mechanism)

Ang fork loader, sa pundamental na usapan, ay isang two-wheel drive na sasakyan na bumubuhay ng troso at iba pang mga kargamento sa pamamagitan ng paggalaw ng fork na nakalagay sa harap ng kaha ng sasakyan, pataas at pababa, gamit ang lift arm (Larawan 1-3).


Ang ilang excavator loader o fork loader ay maaaring gamitin bilang excavator loader o fork loader, sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga attachment na excavator o fork.

Bilang karagdagan, ang mga tractor excavator (truck-type o tire-type, all-four-wheel drive) ay mga vehicle-based construction machine (mga construction machine na nakalista sa Appendix 7 ng Industrial Safety and Health Act Enforcement Ordinance, na gumagamit ng puwersa at meron ding hindi. Kaya nitong tumakbo nang mag-isa sa isang partikular na lugar), ngunit kahit na ito ay isang four-wheel drive, ang mga may hindi magkatugma na mga fork ay tinuturing bilang mga fork loader.

At dahil ang mga excavator loader at tractor excavator ay may iba't ibang pamantayan ng tibay, kinakailangang bigyang-pansin ang Estabilidad at kakayahan ng sasakyan kapag lumilipat mula sa isang bihikulo patungo sa pagmamaneho.

Ang mga tampok sa excavator loader ay ang mga sumusunod:

- ① Tulad ng counterbalance forklift, ito ay isang front-wheel drive at rear-wheel steering system.
- ② Ang katawan ng sasakyan ay maliit, kaya ang kaunting pagliko ay mas epektibo.
- ③ Mayroong 2 drive wheel, kaya mas mababa ang slip resistance.
- ④ Ang mga cargo handling device, gaya ng mga arm at bucket ay naka-mount sa harap, mas mababa ang visibility.
- ⑤ Ang pagtaas ng load ay gumagalaw ng pa-arko, sa halip na patayo, ang taas ng load ay nagbabago sa Estabilidad ng sasakyan.
- ⑥ Hindi pinapayagan sa mga pampublikong kalsada ang cargo handling at trabahong pang-transportasyon.




Larawan 1-3 Fork Loader

(Ang excavator loader at wheel loader ay magkaibang makina, iba't ibang kwalipikasyon ang kinakailangan para magmaneho)

Ang excavator loader ay nailalarawan sa pagiging two-wheel drive, at kinakailangang kumuha ng "excavator loader driving skill training" at karampatang kwalipikasyon.º


Sa kabilang banda, ang wheel loader (tignan ang larawan) ay nailalarawan sa pagiging four-wheel drive, at kinakailangang kumuha ng "Vehicle-based construction machine driving skill training" at karampatang kwalipikasyon.




Larawan ng Wheel Loader

Seksyon 2 Mga Uri ng Excavator Loader (teksto p.15)


Seksyon 3 Pangunahing Detalye at Sukat (teksto p.16)



Larawan 1-4 Bucket




Larawan 1-5 Type I na Bucket



Larawan 1-6 Type II na Bucket

Talahanayan 1-2 Mga Uri at Katangian ng Bucket

Uri ng Bucket		Mga Tampok na Istruktura
Type 1 Pangkaraniwang Bucket		Ang pinakakaraniwang hugis na may mga tuwid na gilid at walang mga ngipin. Angkop para sa pagsalok ng buhangin, graba, at lupa mula sa mga lugar na angkop para sa pagdala ng maliliit na mga bagay. (Para sa pagdadala ng mga bagay (tip) na may kaunting density, ang kapasidad ay maaaring tumaas sa parehong hugis. (espesyal na produkto))
Type 2		Ang bucket ay kapareho ng Type 1 at inilalapat sa mga bagay na sobrang liit na parang mga butil, ngunit ang mga gilid ay hugis chevron upang mapabuti ang paggamit ng scoop.
Type 3		Isang bucket na may mga ngipin sa deretsong gilid ng Type 1, na angkop sa pagdala ng malalaking mga kargamento at angkop para sa pagsalok ng mga durog na bato.

Type 4		Ang bucket na may mga ngipin sa gilid ng chevron ng Type 2, na angkop kapag gustong mapagbuti ang pagsalok ng mga malalaking bagay.
--------	---	---

Kabanata 2 Mga Paggamit Tulad ng Excavator Loader (teksto p.25)

Seksyon 1 Estabilidad ng Excavator Loader (teksto p.25)

Seksyon 2 Bilis ng Takbo (teksto p.27)

Seksyon 3 Distansya kapag Huminto (teksto p.27)

Seksyon 4 Bilis ng Pag-angat (teksto p.28)

Ang bilis ng pagtaas at pagbaba ng bucket ay nakakaapekto sa kahusayan ng cargo handling work, kaya natural na bumilis ito.

Sa pagkakataon ng pagbaba, kapag ang operation valve ay nabuksan ng todo, ang ilang mga balbula ay nilalagay upang limitahan ang bilis ng pagbaba, depende sa bigat ng karga.

Seksyon 5 Iba pa (teksto p.28)

1. Paggawa ng Operasyon

Maaaring isaalang-alang na ang mga cargo handling operation ay idinagdag sa pagpapatakbo ng mga ordinaryong sasakyan. Bilang karagdagan, ang paglipat sa pagitan ng pasulong at pag-atras na paggalaw, at ang paggamit ng mga clutch, preno, lift, at dump operation ay madalas na ginagamit, kaya kamakailan lang, ang pagkakaayos ng mga lever at pedal at mga upuan ay pinaghusay upang mapabuti ang pag-operate at kaginhawaan ng nagmamaneho. (Pagsasaayos ng posisyon sa harap at likuran sa pamamagitan ng lever).

2. Ang Prinsipyo ng Pagtanaw

Sa excavator loader, kung magmamaneho ka ng nakataas ang bucket sa bandang gitna, mahahadlangan nito ang front view at masisira ang Estabilidad ng sasakyan, kaya kailangang magmaneho ng nasa ibaba ang bucket.

Volume 2 Kaalaman sa Istraktura at Paraan ng Paghawak ng mga Kagamitan na may Kaugnayan sa Pagpapatakbo ng Excavator Loader

Kabanata 1 Istraktura (teksto p.31)

Seksyon 1 Motor (teksto p.31)

1. Engine (Internal Combustion Engine)


Ang istraktura ng makina, ang prinsipyo ng pagpapatakbo, at ang mga katangian ng makina para sa excavator loader ay ilalarawan dito:

(1) Makinang De Gasolina


Ang makinang de gasolina ay isang aparato na nagko-compress ng pinaghalong gas ng gasolina at hangin, at pinapagana ito upang i-convert ang explosive power na nakuha sa pamamagitan ng pag-convert nito sa rotational energy.

I. Istraktura

Ang mga pangunahing bahagi ng makina ay binubuo ng mga cylinder, piston, piston ring, connecting rods, crankshafts, flywheels, barbula, camshafts, crankKasos, carburetors, distributor at spark plugs, pati na rin ang mga alternator, at starter motors. Ito ay may mga pansuportang pyesa tulad ng fan at air cleaner (Larawan 2-1 at Larawan 2-2).



Larawan 2-1 Istraktura ng makina




Larawan 2-2 Itsura ng makinang de gasolina

II. Pinagmumulan ng Operasyon

Kapag bumaba ang piston sa silindro, hinihipan ng karburador ang atomized na gasolina kasama ang hangin (1 gasolina sa timbang, ay mga 14 na hangin) sa tuktok ng piston, pagkatapos ay tataas ang piston pati ang exhaust valve. At dahil ang instake valve ay sarado, ang pinaghalong singaw ng gasolina at hangin ay na-compress ($\frac{1}{6}$ hanggang $\frac{1}{9}$), at kapag tumaas ang piston, ang electric spark ang bubuga sa spark gap ng spark plug at ang pinaghalong gas ay sisindi at bubuga (ang pinakamataas na presyon sa pagkakataong ito ay nasa humigit-kumulang 3MPa), at ang presyon na ito ay ang nagtutulak pababa sa piston. Kapag ang piston ay malapit sa ibabang dead center, bubukas ang exhaust valve, at pagkatapos, kapag tumaas ang piston, ang nalutong gas ay itutulak palabas ng exhaust valve sa pamamagitan ng exhaust manifold, tubo at muffler.

Ang patayong paggalaw ng piston ay na-convert sa rotational movement ng crankshaft sa pamamagitan ng connecting rod na siyang pinagmumulan ng power.

Ang makina na nagsasagawa ng apat na stroke ng intake, compression, pagbuga, at tambutso, habang ang crankshaft ay gumagawa ng dalawang rebolusyon, ang ganitong paraan ay tinatawag na four-stroke engine (Larawan 2-3). Bilang karagdagan, mayroong isang pamamaraan na tinatawag na isang two-stroke engine na bumubuga sa bawat isang rebolusyon, ngunit dahil ito ay bihirang ginagamit sa mga excavator loader, ang paliwanag na ito ay tinanggal.



Larawan 2-3 4-na-stroke ng takbo ng makinang de gasolina

(2) Diesel na Makina


Ang diesel na makina ay nagko-compress ng hangin sa isang mataas na presyon, at kapag ang light oil ay na-inject dito sa mataas na presyon, ang light oil ay kusang sumisindi at bumubuga dahil sa init ng compression ng hangin, at ang lakas ng buga na ito ay nako-convert sa rotational energy.

I. Istruktura

Maaari isaalang-alang na ang pangunahing bahagi ng kaha ng makina ay karaniwang binubuo ng throttle, injection pump, at injection nozzle kung saan walang ignition device tulad ng karburador at spark plug mula sa makinang de gasolina, at ang mga accessories ay pareho sa makinang de gasolina (Larawan 2-4).

II. Pinagmumulan ng Operasyon

Ang apat na stroke ng paghigop, pag-compress, pagbuga, at tambutso ay kapareho ng prinsipyo ng isang makinang de gasolina, ngunit ang makinang de gasolina ay sumisipsip sa pinaghalong gasolina at hangin, habang ang isang diesel engine ay sumisipsip lamang sa hangin at naka-compress (17-23 minuto) at ang compression ratio ay mas malaki kaysa sa makinang de gasolina, ang una ay sumisindi at bumubuga, habang ang huli ay nag-iinject ng light oil sa naka-compress na hangin sa mas mataas na presyon (mga 20 MPa), at ang light oil ay nagiging hangin. Ang kaibahan ay ito ay kusang sumisindi at bumubuga dahil sa init ng compression.



Larawan 2-4 Itura ng Diesel na Makina

Seksyon 2 Power Transmission Device (teksto p.42)


Seksyon 3 Traveling device (teksto p.50)

Seksyon 4 Control Device (teksto p.52)

Hindi tulad ng mga ordinaryong sasakyan, ang excavator loader ay may malaking anggulo ng pagliko gaya ng inilarawan sa "Seksyon 3.2. Rear Axle", at ang steering wheel operating force ay malaki ang pagkakaiba sa pagitan ng mga walang laman at punong sasakyan. At dahil mataas ang frequency, ang power steering ay inadopt upang gawing mas madali ang pag-operate ng operator.

1. Steering Speed Reducer

Sa mga maliliit na excavator loader, kadalasang ginagamit ang ball nut type. Pangkaraniwan, ang reduction ratio ay 20 hanggang 25 para sa reduction gear, at ang total rotation speed ng handle ay mga 4 hanggang 5 (Larawan 2-24).



Larawan 2-24 Steering speed reducer
(Ball nut type)

2. Steering Booster (Power Steering)

Upang mabawasan ang steering force, karaniwan na gumagamit ng steering booster (power steering) na naglalabas ng hydraulic pressure mula sa maximum load na 0.7t class o mas mataas pa. Kasama sa power steering ng excavator loader ang semi-integral type, linkage type at all-hydraulic type (Larawan 2-25 hanggang Larawan 2-27).

(1) Semi-integral Type


Isinama ang steering speed reducer at valve body at ang cylinder naman ay nakahiwalay.

(2) Linkage Type


Ang steering speed reducer, valve body at cylinder ay nakahiwalay, at pinagsama naman ang valve body at cylinder.

(3) All-Hydraulic Type


Ang steering valve na may built-in na hydraulic circuit switching valve at metering hydraulic pump na naka-link sa pag-ikot ng manibela.



Larawan 2-25 Semi-integral Type



Larawan 2-26 Linkage Type




Larawan 2-27 All-Hydraulic Type

3. Steering Link

Ang steering link ay nagkokonekta sa pagitan ng steering reduction gear at ng rear axle, at binubuo ng drag link, tie rod, at ng bell crank (Larawan 2-28).

Sa all-hydraulic type, ang steering cylinder ay gumagana bilang kapalit ng bell crank gaya ng ipinapakita sa Larawan. 2-28.



Larawan 2-28 Drag link at tie rod


Seksyon 5 Braking Device (teksto p.56)

Ang excavator loader ay mayroong hydraulic footbrake na karaniwang gumagana sa mga gulong sa harap at mechanical parking brake na kumikilos sa mga gulong sa harap o sa transmission output shaft.

Ang karaniwang maximum na bilis ng excavator loader ay mula 15 hanggang 30 km/h, at ang isang malaking pagkarga ay inilalapat sa mga gulong sa harap kapag na-load, kaya hindi tulad ng mga sasakyan, ang mga hydraulic foot brakes ay naka-install lamang sa mga gulong sa harap maliban sa mga malalaki na hindi pangkaraniwan. Karaniwang hindi nakalagay sa mga gulong sa likuran

1. Hydraulic Foot Brake

Katulad ng foot brake ng sasakyan, ang pedaling force ng paa ay ipinapadala sa master cylinder, ang nabuong hydraulic pressure ay ipinapadala sa wheel cylinder, ang brake shoe ay pinapalawak, at ang friction sa brake drum ay nilalapat sa pagpreno (Larawan 2-29).



Larawan 2-29 Foot brake (isang halimbawa ng drum type brake na walang servo)

2. Servo Brake

Para sa maliit na excavator loader, ang pamamaraang ipinapakita sa Larawan. 2-29 ay sapat, ngunit kung para sa malaki, hindi sapat ang hydraulic foot brake para sa breaking force at brake pedal ay mababawasan.

Ang servo type ay gumagamit ng enerhiya sa anyo ng hydraulic pressure, vacuum force at air pressure mula sa makina, kaya ang mga sumusunod na pag-iingat ay kinakailangan.

- ① Kapag huminto ang makina habang tumatakbo, o kung nasira ang hydraulic system o air system, patayin kaagad. Huwag ihinto ang makina sa pababang posisyon, sa patag na lupa at sa baybaying tubig.
 - ② Huwag kailanman kumilos sa pamamagitan ng paghila ng sasakyan na sirang preno o sistema ng manibela. Iba't ibang mga pamamaraan ang ginagamit para sa mga servos.
- (1) Hydraulic Servo Type


Ang hydraulic pressure ng hydraulic pump na naka-mount sa makina ay ipinapadala sa wheel cylinder sa pamamagitan ng brake valve na naka-link sa brake pedal, ang mga brake shoes ay naka-spread, at ginagamitan ng preno.

(2) Vacuum Servo Type (Larawan 2-30)

Gumamit ng brake booster na nagpapataas ng hydraulic pressure na nabuo sa master cylinder sa pamamagitan ng paggamit ng differential pressure sa pagitan ng vacuum pressure at ng atmospheric pressure na nabuo sa vacuum pump at engine intake side.

(3) Air Servo Type

Ang makina ay mayroong compressor at ang nakukuhang naka-compress na hangin ay siyang ginagamit.




Larawan 2-30 Halimbawa ng brake booster (vacuum servo type)

3. Parking Brake

Ginagamit kapag pumarada at kapag nagpepreno nang hindi inaasahan, ito ay katulad ng isang kotse, transmitting hands at iba pang pwersa sa cam sa pamamagitan ng isang link, na umiikot upang magsalubong ang brake shoes at ang brake drum. Ang pagpepreno ay ginagamit sa pamamagitan ng friction sa pagitan ng mga ito. (Larawan 2-29).

Ang parking brake lever ay may ratchet o isang overlock na istraktura upang ang estado ng preno ay mapanatili kahit na ang kamay ay binitawan. Ipinapakita ng Larawan 2-31 ang internal expansion type, ngunit mayroon ding external contraction type.



Larawan 2— 31 Internal expansion type brake (ginagamit din bilang parking brake)

- Seksyon 6 Naka-attach na Kagamitan (teksto p.59)

Kabanata 2 Pamamaraan ng Pagpapatakbo (teksto p.61)

Seksyon 1 Pangunahing Usapin (teksto p.61)

Hindi tulad ng mga sasakyan, ang excavator loader ay hindi lamang tungkol sa pagmamaneho kundi pati na rin sa pagdala ng mga kargamento, at may mas malaking kaha at driving force kumpara sa mga ordinaryong sasakyan, at may iba't ibang mga istraktura at katangian, kaya maraming mga aksidente na dulot ng kawalang-ingat ng nagmamaneho. Bilang karagdagan, sa kadahilan na ang mga kargamento ay madalas na binubuhat at dinadala sa isang makitid na espasyo, ang mga driver at mga gabay ay dapat bigyang-pansin, lalo na ang mga nakapaligid na kondisyon, tulad ng pedestrian at kung may mabigat na mga dalahin.

Bago simulan ang trabaho, dapat mong ang mga item na inilarawan sa Seksyon 2, tulad ng pagiging epektibo ng preno, steering wheel play, at presyon ng hangin ng gulong.

Kapag nagpapagasolina, kinakailangang palaging patayin ang makina at punasan ang anumang tagas ng gasolina o ng hydraulic oil.

Isa pang karagdagan, ang excavator loader, na aktwal na pinapatakbo, ay may sariling pag-iingat sa paghawak depende sa manufacturer at modelo, kaya mahalagang basahin at unawain nang mabuti ang nakalakip na instruction manual bago gamitin.

Kung madiskubre na may problema ang excavator loader, sabihin kagad ito sa vehicle manager at dalhin sa pinakamalapit na pagawaan.

Seksyon 2 Mga Rekomendasyon Bago Simulan ang Trabaho (teksto p.62)

Bago simulan ang trabaho, gawin ang mga inspeksyon na ipinapakita sa Talahanayan 2-1 upang maiwasan ang mga sakuna. Ito ay karaniwang ginagawa sa tatlong yugto.

- ① Bago paandarin ang makina
- ② Pagkatapos paandarin ang makina, sa sasakyan
- ③ Mabagal na pagmamaneho.

Talahanayan 2-1 Listahan ng Inspeksyon Bago Simulan ang Trabaho

Parte ng Sasakyan	Bago paandarin ang makina	Pagkatapos paandarin ang makina	Mabagal na pagmamaneho
Labas	Tumutulong tubig o langis sa bawat bahagi		
Gulong	Presyon ng hangin ng gulong o pinsala sa gulong		
Turn signal at lamp	Marumi, o sira ang lens	Operasyon ng bawat lamp	
Rearview Mirror	Marumi, o may pinsala	Rear projection	
Alarm Device (busina)		Alamin kung bumubusina	
Bawat Instrumento		Pagpapagana sa mga instrumento	
Fuel (langis o gasoline)		Sukat ng dami ng langis	
Makina		Kakaibang ingay, kulay ng usok mula sa tambutso	
Clutch		Pagpadyak ng pedal	Pagtanggal mula sa clutch
Foot Brake		Allowance ng Brake pedal depression	Pagiging epektibo ng preno
Parking Brake		Allowance sa paghila ng lever, pagiging epektibo ng parking brake	
Steering		Pag-ikot ng handle, nginig	Alog, o paghawak
Cargo handling equipment		Operasyon ng cargo handling equipment, pagtaas at pagbaba ng bucket, reach operation ng dump arm	

Seksyon 3 Periodic na Pag-inspeksyon (teksto p.63)

Upang maiwasan ang mga sakuna at mapabuti ang kahusayan sa pagpapatakbo ng sasakyang ito, ipinagtitibay ang pagsunod sa batas na magsagawa ng regular na inspeksyon.

Kasama sa periodic na boluntaryong inspeksyon ang buwanan at taunang pagsisiyasat, at inspeksyon habang patuloy na ginagamit ito. Kung ang boluntaryong inspeksyon ay ginawa, ang bawat resulta ay dapat na nakatala at nakaipon sa loob ng 3 taon. Tungkol sa pagagawa ng inspeksyon, ang mga may sapat na kakayahan lamang ang gagawa (regular voluntary inspections) alinsunod sa "Regular Voluntary Inspection Guidelines for Excavator Loader" (Disyembre 18, 1985, Voluntary Inspection Guidelines Public Notice No. 9) na inilathala ng Minister of Health, Labor and Welfare. Kinakailangang magkaroon ng isang indibiduwal na may sapat na antas ng edukasyon o tao na galling sa kumpanya sa pagpapanatili ng inspeksyon) na magsagawa ng pagsisiyasat.

1. Regular na Inspeksyon sa Bawat Buwan

Ang isang pansariling inspeksyon para sa mga abnormalidad ng braking device, clutch, control device, cargo handling device, hydraulic device (kabilang din pati ang mga safety valve), head guard, isang beses bawat pagkakataon na hindi hihigit sa isang buwan.。

2. Regular na Inspeksyon Bawat Taon

Ang isang pansariling inspeksyon para sa mga abnormalidad ng bawat bahagi ng shovel loader, isang beses bawat pagkakataon na hindi hihigit sa isang taon. Kung ang panahon ng pagsususpende ng shovel loader, ay tumutugma sa kaliwang column ng Table 2-2, ang self-inspection na naaayon sa kanang column ng parehong table ay dapat isagawa kapag ang paggamit ay na-restart.

Talahanayan 2-2 Boluntaryong inspeksyon habang patuloy na ginagamit

Panahon ng Suspension	Boluntaryong Inspeksyon Habang Patuloy na Ginagamit
Mahigit Enero at wala pang isang taon	Naaangkop sa regular na buwanang inspeksyon
Mahigit isang taon	Mga tumutugma sa taunang inspeksyon

Seksyon 4 Pagsisimula ng Operasyon at Kaalaman (teksto p.64)


1. Makinang De Gasolina

- ① Tignan kung ang lever ay nasa neutral na posisyon at kung ang parking brake ba ay nakahila na.
- ② Ipasok ang susi ng makina sa start switch (Larawan 2-33) at ipihit ang susi sa "ON" na posisyon.
- ③ Ipihit ang susi sa posisyong "START" at bitawan ang susi kapag umandar na ang makina.
- ④ Kapag umandar na ang makina, magpainit sandal.

At dahil gumagana ang auto choke, unti-unting tataas ang bilis ng makina, at kapag mainit na ang makina, awtomatikong bababa ang bilis ng neto.

2. Diesel na Makina


- ① Tignan kung ang lever ay nasa neutral na posisyon at kung ang parking brake ba ay nakahila na.
- ② Ang modelong diesel na makina na may preheating device (hindi kasama ang direct injection type), kinakailangang painitin ang preheating device, pagkatapos i-on ang susi ng makina sa posisyon na "GLOW" at buksan ang preheating signal lamp (Larawan 2-34).
- ③ Kapag ang pinapainit na preheating device ay nakumpleto na, at ang ilaw ng signal lamp ay namatay na, ipihit ang susi sa posisyon na "START" at bitawan ang susi kapag umandar na ang makina (maaaring bahagyang mag-iba depende sa manufacturer, kaya suriin ang instruction manual).
- ④ Painitin saglit.
- ⑤ Depende sa istraktura ng start switch, ang preheat signal lamp ay maaaring awtomatikong mag-on kapag ang key ay naka-"ON" (Larawan 2-35).



MAKINANG DE GASOLINA

IPASOK ANG SUSI AT IPIHIT ITO
SA POSISYONG "ON"

Larawan 2-33 Pag-start ng makinang de gasolina



PREHEATING SIGNAL LAMP

DIESEL NA MAKINA (PREHEATING
LIGHTING TYPE)

IPIHIT ANG SUSI SA POSISYON NG
"GLOW" AT BUKSAN ANG
PREHEATING SIGNAL LAMP

Larawan 2-34 Pag-start ng diesel na makina (1)



PREHEATING SIGNAL LAMP

DIESEL NA MAKINA (PREHEATING
AUTOMATIC LIGHTING TYPE)

ANG ILANG MGA MODELO AY
AWTOMATIKONG NAGBUBUKAS ANG
PREHEAT SIGNAL LAMP KAPAG ANG
SUSI AY NAKA-SET SA "ON"

Larawan 2-35 Pag-start ng diesel na makina (2)

Seksyon 5 Pag-start, Pagmamaneho at Kaalaman (teksto p.66)

1. Bago I-start

Patakbuin ang lift, dump at reach levers para patakbuin ang buong stroke ng bawat cylinder ng 2-3 beses.

Hilahin ang lift lever para iangat ang bucket 20-30 cm sa itaas ng lupa. Hilahin ang dump lever upang todo nitong maituro pataas ang bucket.


Hilahin ang reach lever upang mahila rin ang bucket hanggang sa umabot ng machine stand side.

2. Clutch Type (Larawan 2-36)

- ① Tapakan nang husto ang clutch pedal.
- ② Ilagay ang shift lever sa 1st gear (F-1 kapag abante, R-1 kapag paatras).
- ③ Luwagan ang parking brake (Itulak ng pasulong ang lever kung ito ay lever type. At kung ito naman ay stick type, itulak ito pababa habang pinipihit ito).
Kasabay ng pag-apak sa accelerator pedal, unti-unting bitawan ang pagkaka-apak mula sa clutch pedal upang umandar.
- ④ Apakan pa ulit ang accelerator pedal, pabilisin ito, pagkatapos ay bitawan, at kasabay nito, apakan ang clutch pedal at ilagay ang shift lever sa 2nd gear.
- ⑤ Sa sandaling nakatapak sa accelerator pedal, mabilis na bitawan ang pagkaka-apak mula sa clutch pedal. Tulad ng nabanggit sa itaas, ito ay kapareho rin ng clutch type na sasakyan.

Kapag nag-start, kinakailangang baguhin ang degree ng depression ng accelerator pedal kapag walang laman ang sasakyan at kung may laman ang sasakyan. Pakitandaan na kung hindi ididiin nang husto ang accelerator pedal kapag nilo-load ang sasakyan, maaari itong tumigil.

Kapag nag-start na umakyat, bitawan ang parking brake habang inaapakan ang accelerator pedal at inaalis ang pagkaka-apak sa clutch pedal.



- ① SWITCH NG STARTER
- ② CONTINUOUS ROTATION INDICATOR (pinapakita habang nasa continuous rotation)
- ③ GLOW INJECTOR (diesel na makina)
- ④ SEDIMENTA WARNING LIGHT (diesel na makina)
- ⑤ BATTERY FLUID LEVEL WARNING LIGHT (opsyonal)
- ⑥ RADIATOR COOLING WATER AMOUNT WARNING LIGHT (opsyonal)
- ⑦ REMAINING FUEL AMOUNT WARNING LIGHT (opsyonal)
- ⑧ AIR CLEANER ELEMENT WARNING LIGHT (opsyonal)

- ⑨ CHARGING WARNING LIGHT
- ⑩ ENGINE OIL PRESSURE WARNING LIGHT
- ⑪ BRAKE FLUID LEVEL WARNING LIGHT
- ⑫ AWAMETER
- ⑬ ENGINE WATER TEMPERATURE GAUGE
- ⑭ TORQUE CONVERTER OIL TEMPERATURE GAUGE
- ⑮ MACHINE CHARGE METER
- ⑯ SPEED METER (opsyonal)
- ⑰ BUSINA
- ⑱ LEVER NG ATRAS-ABANTE (torque converter)
- ⑲ LEVER NG ATRAS-ABANTE (clutch)
- ⑳ LEVER NG HIGH AT LOW SPEED (clutch)
- ㉑ COMBINATION SWITCH (turn signal at light switch)

- ㉒ LEVER PARA SA PARKING BRAKE
- ㉓ FUSE BOX
- ㉔ PEDAL NG ACCELERATOR
- ㉕ PEDAL NG PRENO
- ㉖ PEDAL NG INCHING (torque converter)
PEDAL NG CLUTCH (clutch)
- ㉗ LEVER NG LIFT
- ㉘ LEVER NG DUMP (walang reach mechanism)
- ㉙ LEVER NG REACH (may reach mechanism)
- ㉚ LEVER NG DUMP (may reach mechanism)
- ㉛ LEVER NG TILT HANDLE LOCK

Larawan 2-36 Upan ng nagmamaneho (clutch type, torque converter type)

3. Torque Converter Type (Larawan 2-36)

- ① Ilagay ang lever ng atras-abante sa pasulong (o paatras) na posisyon.
- ② Bitawan ang parking brake.
- ③ I-start kapag inapakan ang pedal ng accelerator.

Maraming torque converter type ang may inching pedal sa kaliwang bahagi. Kapag tinapakan ang pedal na ito, nine-neutral nito ang transmission kasama ang mga preno, mas pinapadali ang pagmamaneho kahit mabagal, tulad halimbawa kung may kasalubong na dump truck.

4. Pagmamaneho na Tinukoy ang Bilis


Kapag minamaneho sa pabrika o sa loob ng compound, ang limitasyon ng bilis ay dapat naka-fix. Higit pa rito, mas ligtas kung magpasya nang may mga fix na opsyon, halimbawa, 15 km/h kapag walang laman ang sasakyan at 10 km/h naman kapag may load ang sasakyan. Kung madalas na gagamitin ang excavator loader, ang mga paghihigpit na ito ay talagang kinakailangan, at hindi dapat lalampas o i-overtake ang limitasyon ng bilis.

5. Kapag Lumiliko (Larawan 2-37)

Kapag nagpapalit ng direksyon sa intersection o likuan, magbigay ng signal gamit ang turn signal sa direksyon kung saan nais lumiko, tignan kung ligtas, at pagkatapos ay iliko ang manibela.

Kung may mga pedestrian o iba pang sasakyan na nagnanais na lumiko sa unahan, huminto muna at maghintay.

Hindi tulad ng mga ordinaryong kotse, kapag lumiliko sa isang kanto, ang mga gulong sa likuran ang ginagamit para sa pag-ikot ng manibela, kaya kapag umuusad, kinakailangan na imaneho ang sasakyan sa paraang makakapasok at makakaliko.



Larawan 2-37 Kapag lumiliko

6. Pag-atras

Hindi tulad ng mga ordinaryong sasakyan, ang excavator loader ay hindi gaanong ummaatras. Ang ratio sa pasulong ay halos kalahati o 40% (paatras) at 60% (paabante). Kapag umaatras gamit ang sasakyang may reach, hilahin ang arm nang todo, itaas ang bucket, ibaba ito sa 20 hanggang 30 cm mula sa lupa, suriin ang Estabilidad ng bagahe, at pagkatapos ay umikot at hawakan ito. Hawakan ito maige at magmaneho nang maingat.

7. Kapag Dumadaan sa Daanan at Kung May Mga Nakaharang

Kapag dumadaan sa isang lugar na hindi nakikita, tulad halimbawa kung nasa kanto o isang o pasukan/labasan ng warehouse, siguraduhing huminto muna nang isang beses, tignan ang kaliwa at kanan kung ligtas, at pagkatapos ay paandarin ng maingat, tulad ng isang ordinaryong kotse.

Hangga't maaari, iwasan o alisin ang mga nakaharang (halimbawa: mga bloke ng bato, kahoy, mga lubak, mga nakabukol) bago dumaan.

Kung ang kalsada ay komplikadong daanan, halimbawa, maputik o lugar na ma-snow, pinapayuhang doblehin ang gulong sa harap, na siyang mga gulong sa pagmamaneho, o gumamit ng mga wind tire chain.

Seksyon 6 Pansamantalang Paghinto / Pagparada at mga Tip Pagkatapos Magmaneho (teksto p.70)

1. Paghinto

(1) Clutch Type

- ① Alisin ang pagkakaapak sa pedal ng accelerator
- ② Apakan ang pedal ng preno
- ③ Apakan nang todo ang pedal ng clutch
- ④ Ibalik ang lever ng atras-abante at lever ng high at low speed sa neutral


(2) Torque Converter Type

- ① Alisin ang pagkakaapak sa pedal ng accelerator
- ② Apakan ang pedal ng preno
- ③ Ibalik ang lever ng atras-abante sa neutral

2. Pagparada

- ① Hilahin nang todo ang parking brake o hilahin ito patungo sa iyo
- ② I-neutral ang shifting lever.
- ③ Ibaba ang bucket sa lupa, ihalinhin ito ng pasulong, at panatilihing nakapahalang at nasa lupa ang bucket (Larawan 2-38).

Pihitin ang engine key sa kaliwa upang patayin ang makina. Alisin ang susi kapag aalis sa upuan ng driver.



Larawan 2-38 Imahe ng kapag nakaparada

3. Mga Tip sa pagtatapos ng operasyon

Sa pagtatapos ng operasyon, kinakailangang linisin at suriin ang bawat bahagi, upang ito ay magiging handa na para sa susunod na trabaho.

(1) Paglilinis

- ① Linisin ang labas ng sasakyan gamit ang basahan o brush. Kung ito ay masyadong marumi, hugasan ito ng tubig.
- ② Buksan ang hood ng makina at punasan ang lugar na natatakpan ng alikabok sa pamamagitan ng basahan.

(2) Pag-inspeksyon

- ① Suriin ang mga gulong kung may gasgas
- ② Suriin ang itsura ng sasakyan kung may mga abnormalidad (dents, bitak, atbp.)
- ③ Suriin ang natitirang dami ng gasolina at lagyang muli ito
- ④ Suriin kung may mga tagas ng hydraulic oil, engine oil, fuel at cooling water
- ⑤ Suriin ang hub nut at piston rod joints ng bawat cylinder kung maluwag

4. Mga Pag-iingat Habang Nagmamaneho



- (1) Huwag magmaneho nang hindi nag-iingat.

Maging ismarte habang nagmamaneho at magtrabaho nang may mag-iingat. Sa ilang sandali ng kawalang-ingat ay maaaring magdulot ng sakuna.



- (2) Huwag tumingin kung saan-saan habang nagmamaneho.

Ang pagmamaneho nang hindi nakatingin sa daan ay isa sa mga sanhi ng sakuna, kaya't bigyang-pansin ang direksyon ng paglalakbay, at magtawag ng atensyon kung palapit sa mga taong nagtatrabaho sa paligid.



- (3) Suriin muna ng maaga ang kondisyon ng kalsada at ang tibay ng tulay bago dumaan dito.



- (4) Huwag magmaneho na may lamang tao ang bucket o ang sasakyan.

Maaari itong magdulot ng personal na pinsala kung biglang huminto ang sasakyan.



- (5) Huwag patakbuin ang sasakyan nang nakataas ang bucket na hindi ayon sa standard
Pagmamaneho sa pangunahing postura na nakababa ang bucket (may karga man o wala)



- (6) Iwasan ang mabilis na pagmamaneho, mabilis na pagliko, at biglaang pagpepreno sa madulas na kalsada.



- (7) Huwag magmaneho sa matatarik na mga lugar na mali ang angulo ng sasakyan
Maaaring madulas at tumagilid ang sasakyan.



- (8) Mag-ingat na magkaroon ng sunog ang sasakyan
May panganib na magkaroon ng sunog kung napalapit sa mga lugar na may apoy.



- (9) ① Kapag sumasakay at bumababa sa sasakyan, siguraduhing humarap sa sasakyan at laging hawakan ang iyong katawan sa tatlo o higit pang mga lugar gamit ang mga handrail at hakbang. ② Huwag tumalon papunta sa sasakyan. ③ Huwag mag-baba-akyat ng mga bagay. ④ Mag-ingat na hindi aksidenteng maipit sa mga operating device.



- (10) Mag-ingat sa mga nakaharang
Kung may mga nakaharang sa daan, iwasan na ipihit paliko ang gulong o itaas-baba ang bucket kung matataaman ang ilang bagay sa paligid.



- (11) Panatiliin ang tamang bilis ng pagpapatakbo sa gabi
Sa gabi, mas madaling makita ang ilusyon ng taas ng lupa, kaya magmaneho sa bilis na tumutugma sa abot ng sinag ng ilaw.



- (12) Huwag hayaang may tao sa ilalim habang nakataas ang bucket

Ang pagmamaniipula sa bucket ay maaaring magdulot ng personal na pinsala.




- (13) Alamin mabuti ang performance ng sasakyan

Ang mga buhaghag na bagay, tulad ng buhangin, ay hindi pansing madaling makahakot ng marami, kaya mag-ingat na huwag mag-overload.



- (14) Naglo-load na hindi pantay sa isang panig

Kung ito ay one-sided load, ang kaliwa o kanang bahagi ay magiging hindi matatag, at ang sasakyan/hydraulic system ay mahihirapan.



- (15) Mag-ingat kapag nagmamaneho sa mga matatarik


Kapag may dalang load, tumakbo pataas sa direksyong pasulong at kung pababa naman ay sa reverse na direksyon.

Kapag wala namang laman, umakyat nang nakatalikod at paharap kung pababa.



Volume 3 Kaalaman sa Istruktura at Paraan ng Pagdala ng mga Kagamitan na may
kaugnayan sa Paghawak ng Kargamento Tulad ng Excavator Loader

Kabanata 1 Istruktura (teksto p.79)

Seksyon 1 Mga Handling Device (teksto p.79)




Larawan 3-1 Work equipment ng excavator loader




Larawan 3-2 Work equipment ng excavator loader na may reach mechanism


Seksyon 2 Hydraulic System (teksto p.82)




Larawan 3-3 Diagram ng excavator loader hydraulic system




Larawan 3-4 Hydraulic pump




Larawan 3-5 Control Valve
(Double • Standard Type)




Larawan 3-6 Control valve
(Triple • Reach Type)




Larawan 3-7 Pagpapatakbo ng safety valve




Larawan 3-8 Diagram ng control valve operation kapag naka-neutral



Larawan 3-9 Diagram ng control valve operation kapag tumataas ang lift




Larawan 3-10 Lift cylinder




Larawan 3-11 Reach at dump cylinder

Seksyon 3 Head Guard (teksto p.88)




Larawan 3-12 Head guard

Seksyon 4 Fork Loader (teksto p.89)




Maaaring isagawa ang cargo handling work katulad ng kakayahan ng isang forklift.

Larawan 3-13 Pallet fork




Ang fork, fork bar, at backrest ay naka-welding sa isa't isa, at ang backrest ay nakakiling paharap ng fork. Ito ay angkop sa pagdala ng mga kahoy o mga ordinaryong kahoy

Larawan 3-14 Sharp damping fork



Ang fork at backrest ay dinisensyo upang bumali ang hydraulic cylinder. Kung magagamit ito na may tamang anggulo hanggang sa backrest nang hindi matitiklop ang fork, normal na magagawa ito sa mga gawaing pagfo-fork sa marami pang mga bagay.

Larawan 3-15 Hinged fork



Ang karga sa fork ay maaaring hawakan pababa mula sa taas gamit ang clamp arm, na siyang kumakagat sa mga mahahabang bagay para hindi mahulog o umalog.

Larawan 3-16 Log fork

Seksyon 5 Palette (teksto p.91)

Kabanata 2 Handling Method (teksto p.98)

Seksyon 1 Bigat at Estabilidad ng Sasakyan (teksto p.98)

Una, ipapaliwanag sa simpleng paraan ang mga pangunahing problema ng pagtatrabaho sa excavator loader, kapasidad ng karga at Estabilidad ng sasakyan.


1. Bigat at Estabilidad ng Sasakyan

- ① Gaya ng ipinapakita sa Larawan 3-25, ang excavator loader ay parang balanse sa pagitan ng rear wheel load at ang bigat sa unahan ng front wheels kung saan ay ang gitna ng front wheels ay tinuturing na fulcrum $w \times \ell_2$ ay $W \times \ell_1$. Samakatuwid, ang load na maaaring ikarga ng aktuwal ay nakabase sa pinapayagang bigat ng load na mas mababa kaysa dito. Kung ang naaabot ay $\ell'_2 > \ell_2$ ay pare-pareho $W \times \ell_1$, kaya't ang w' ay mas mababawasan. Sa mga sasakyan naman na may reach mechanism, magkakaroon ng malaking pagkakaiba sa kapasidad ng pagkarga sa pagitan ng minimum reach at maximum reach, kaya siguraduhing maging pamilyar sa kakayahan ng makinang ito.

Reference: Halimbawa, sa isang sasakyan na may maximum na load na 2,300 kg

Minimum reach 2,300 kg


Maximum reach 1,500 kg




Larawan 3-25 Bigat at Estabilidad ng Sasakyan

- ② Kapag nagkakarga, hangga't maaari ibaba ang lift arm at hilahin ang bucket patungo sa iyo para makapagmaneho. Kapag nagmamaneho na nakataas ang bucket, ang panganib na tumagilid sa mga bakong kalsada o ang mga biglaang pagpepreno ay magiging madalas dahil sa mga pagbabago sa posisyon ng center of grabidad. Gayundin, iwasan ang pagtakbo nang nakapahalang ang lift arm dahil nakaharang ito sa tanawin habang nagmamaneho. Ito rin ay delikado.

- ③ Kahit na ang tinutukoy na bigat ay tamang naikarga, kung ang load ay bara-barang naikarga sa kaliwa o kanan tulad ng ipinapakita sa Larawan 3-26, ang Estabilidad ng kaliwa o kanan ay magiging mahina, at ang bigat ay pasan lamang sa isang gilid ng kaha ng sasakyan. Kaya dapat na isalansan ng maayos upang ang sentro (center of grabidad) ng sasakyan ay nakahanay sa gitnang linya ng kaha neto.



Larawan 3-26 Hindi balanseng karga kaliwa-kanan



Larawan 3-27 Ang sentro (sentro of grabidad) ay tumutugma sa gitnang linya

2. Mga Pagkakaiba mula sa iba pang mga kategorya ng mga sasakyan

Ang two-wheel drive na "excavator loader" at "fork loader" na inilarawan sa tekstong ito ay nilagyan ng mga bucket at forks na katulad ng four-wheel drive tractor excavator loader (inuri bilang vehicle-based construction machinery). Gayunpaman, ang pamantayan ng Estabilidad ay iba. Kapag lumipat mula sa ibang uri ng sasakyan upang imaneho ang "excavator loader" o "fork loader", kinakailangang bigyan-pansin ang Estabilidad at performance ng sasakyan.◦


Seksyon 2 Paraan ng Pagtatrabaho (teksto p.100)

1. Maintenance ng Surface ng Kalsada

Upang mapabuti ang kahusayan sa trabaho, pagbutihin muna ang surface ng kalsada malapit sa Lugar ng Trabaho:.

Kung ang ibabaw ng kalsada malapit sa sediment ay hindi pantay, tulad ng ipinapakita sa Larawan 3-28, ang bucket ay gumagalaw pataas at pababa dahil ang kalsada ay bakubako, kaya ang sediment ay hindi pumasok sa bucket gaya ng inaasahan, at ang efficiency ng operasyon ng scooping ay nababawasan.

Samakatuwid, kinakailangan na i-level ang ibabaw ng kalsada malapit sa Lugar ng Trabaho: bago magtrabaho, kahit na nangangailangan ng ilang oras at pagsisikap, upang mapabuti ang kahusayan sa trabaho at sa parehong oras upang mabawasan ang mga pagkasira nang hindi pinipilit ang bawat aparato ng katawan ng Makinang pantrabaho.




Larawan 3-28 Sa ibabaw ng bakubakong kalsada

2. Scoop

- ① Ang excavator loader na may reach mechanism, ang reach ay dapat nasa harapan. Mas madaling paandarin ang reach lever kung hindi ito ginagamit habang ginagawa ang scooping work. Gayunpaman, kung ang scooping resistance ay malaki at ito ay mas mabuting patakbuhan ang reach, paganahin ang reach lever.
- ② Ang bucket ay dapat na pahalang o bahagyang nakababa. Kung ang anggulo ng bucket mula sa lupa ay masyadong mataas, ang load na nakalapat sa mga gulong sa harap ay bababa kapag ang sasakyan ay umaabante, ang mga gulong ay madulas at ang sapat na puwersa sa pagmamaneho ay hindi maa-apply, kaya ang sapat na pag-scoop ay hindi posible.

Nagdudulot din ito ng maagang pagkasira ng gulong. Sa ganoong pagkakataon, paikutin ang bucket nang kaunti pababa upang ang mga gulong sa harap ay magkaroon ng load.

- ③ Ituro ang bucket sa deretsong angulo sa sediment (Larawan 3-29) at iabante ito. Kung aabante ito nang palihis tulad ng ipinapakita sa larawan 3-30, ang hindi makatwirang puwersa ay nailapat sa isang gilid lamang ng bucket, na maaaring magdulot ng malfunction at magdulot din ng hindi balanseng pagkarga.



Larawan 3-29 Kapag deretso


Larawan 3-30 Kapag nakapalihis

- ④ Sa oras ng pag-abante, kapag clutch car, ang sasakyan ay i-accelerate sa pamamagitan ng pagkuha ng isang bahagyang diskarte sa distansya, i-abante sa deposito, at higit pa, sa pamamagitan ng half-clutch na operasyon, ito ay umuusad upang hindi matigil. Sa kaso ng isang sasakyan na may torque converter, hindi na kailangang tumakbo pataas, at kapag naabot ang deposito, ang accelerator pedal ay ganap na apakan upang sumulong.

- ⑤ Kung huminto sa pag-usad ang sasakyan, iangat ng bahagya ang bucket upang mabawasan ang resistance sa pag-abante at muling uusad ang sasakyan (lalo na kapag huminto ang sasakyan, uusad pa rin ito). Pakitandaan na madulas ang gulong at magiging sanhi ito ng malaking pinsala sa gulong.).

Sa pamamagitan ng pagpindot sa accelerator pedal sa paraang ito at salit-salit na pag-uulit ng operasyon ng pagtaas ng elevator at dump angle nang bahagya pataas, posible na sapat na scoop up ang cargo at (mga maluwag na bagay) (Larawan 3-31).


- ⑥ Siguraduhing hilahin ang reach lever upang makita kung ang bucket ay nasa harapan bago ka mag-scoop at magpatuloy.



Larawan 3-31 Pag-Scoop

3. Pag-transport

- ① Kapag nagmamaneho na may karga, ang bigat ng mga gulong sa likuran ay mas maliit kumpara sa walang laman ang sasakyan, kaya dapat pag-ingatan ang bilis neto.
- ② Napakadelikadong tumakbo nang nakataas ang bucket, na hindi istabilisado ang sasakyan, at may nakaharang sa bandang unahan, kaya hangga't maaari, ibaba ng todo ang lift at hilahin ang bucket para tumakbo.
- ③ Laging bigyan ng pansin kung may sapat na espasyo sa pagitan ng sasakyan at ng mga nakaharang sa itaas na parte.
- ④ Kapag lumiliko sa kanto, sa isang normal na sasakyan, ang gulong sa harap ay maaaring gamitin upang lumiko, ngunit sa excavator loader, ang gulong sa likuran ay nakadirekta, kaya kung hindi ito maaaring paikutin papasok tulad ng ipinapakita sa Larawan 3-32, ang likurang bahagi ay manginginig nang husto at ang likurang bahagi ng sasakyan ay tatama sa panlabas na pader. Kapag lumiko, bagalan lang o iwasang lumiko ng mabilis.
- ⑤ Kapag nagkakarga, huwag itataas ang kargamento ng napakataas habang nagmamaneho (kung ito ay hindi maiiwasan, mag-ingat at magmaneho ng tahimik).




Larawan 3-32 Kapag lumiliko sa kanto

4. Pagkarga


- ① Kapag nilo-load ang laman ng isang bucket sa truck o sasakyang pangkargamento, hangga't maaari, iangat muna ito, dahan-dahang ilipat ang kaha ng sasakyan pasulong, ihinto ito sa posisyon ng pagkarga, at pagkatapos ay ikarga ito. Ang excavator loader na may reach mechanism ay nagsasagawa ng operasyon ng pag-reach kung kinakailangan. Dapat itong gawin nang maingat, dahil ang paglipat ng pasulong o paatras habang nag-aangat o nag-aabot ay maaaring ma-destabilize ang sasakyan at maging sanhi ng pagbagsak nito. Iwasan ang biglaang paghinto, lalo na sa pag-angat at pag-abot. Kapag nagsasalin ng mga bultong butil ng materyales, itapon nang may kumpanyansa, dahil kung malumanay kang magtapon, mananatiling nakakabit ang kargada sa sulok ng bucket.
- ② Kapag isinasalin ang laman ng bucket sa isang truck o sasakyan ng kargamento, maingat na isaalang-alang ang posisyon ng bucket kaugnay sa kaha ng truck o sasakyan ng kargamento.

Kahit na ang posisyon kung saan sinasalin ang mga laman ay tila maganda kapag ang bucket ay nakaharap paitaas tulad ng ipinapakita sa Larawan 3-33, kung ito ay nagsasalin pababa, ang nahuhulog na posisyon ay nasa harap ng bucket, at ang mga laman ay maaaring matapon palabas mula sa cargo bed.



Larawan 3-33 Kapag nagsasalin

- ③ Gaya ng ipinapakita sa Larawan 3-34, may iba't ibang paraan para magkarga ng mga bagay sa isang truck gamit ang excavator loader. Gayunpaman, depende sa mga kondisyon ng kapaligiran, ang mga sumusunod na pamamaraan ng trabaho ay maaaring gawin:



Larawan 3-34 Tamang pagkarga ng mga gamit

5. Mga tampok ng excavator loader na may reach mechanism

Ang excavator loader na may reach mechanism ay may mga sumusunod na tampok sa operasyon sa paghawak ng kargamento (Larawan 3-35).

- ① At dahil mahaba ang sukat ng reach kapag inuunat ito (reach out), posibleng magkarga o mag-scoop ng mga bagahe mula sa isang direksyon sa likod ng cargo bed ng truck, o ang posibleng saklaw ay pinalawak.
- ② Kapag ang bucket (o fork) ay itinaas sa pinakamataas na posisyon ng pag-angat sa pamamagitan ng pag-reach, ang damping clearance (taas ng bucket sa labas) ay mas malaki kaysa sa pag-abot sa (reach-in), at ang hanay ng pagtatrabaho ay lubos na tumataas.

**Kapag merong reach mechanism na
Excavator Loader**



**Kapag walang reach mechanism na
Excavator Loader**



Larawan 3-35 Excavator Loader na merong reach mechanism at excavator Loader na walang reach mechanism

6. Mga Pag-iingat sa Paghandle

- ① Ipinagbabawal ang pagsasabit ng mga kargada sa bucket, fork, at arms dahil nagiging sanhi ng pag-ugoy ng kargada pakaliwa at pakanan, at nagiging sanhi ng pagkawala ng Estabilidad ng karga, na nagreresulta ng sakuna.
- ② Ang pagtulak ng truck o sasakyang pangkargamento, gamit ang dulo ng bucket o fork ay maaaring maging sanhi ng hindi matatag na point of contact at kumawala. At kung sakaling matanggal ang bucket o fork, tatakbo ang sasakyan sa hindi inaasahang direksyon at maaaring magdulot ng pinsala sa mga nasa paligid nito. Kaya huwag itong gawin.
- ③ Huwag hilahin ang truck o sasakyang pangkargamento, gamit ang kable na nakakabit sa mga dulo ng bucket, fork, at arms dahil maaaring mabigat ang hinihila na bagay, o maipit at mahila pababa.
- ④ Kung ang dalawang makina ay ginagamit upang buhatin ang iisang load, maaaring hindi sila makabwelo nang sabay-sabay sa isa't isa, kaya posibleng magkaroon ng hindi balanseng pagkarga o pagbagsak ng load, na maaaring maging sanhi ng pagkahulog ng makina at makapinsala sa mga nakapalibot na bagay.

Volume 4 Kaalaman sa Mechanics na Kinakailangan sa Pagmamaneho ng Excavator Loader

Kabanata 1 Puwersa (teksto p.111)

Seksyon 1 Puwersa (teksto p.111)


Seksyon 2 Moment ng Force (teksto p.115)

Kapag pinipigilan ang isang nut gamit ang wrench, mas mabuti na hawakan ang wrench malapit sa dulo ng hawakan upang ang nut ay maaaring mahigpitan sa parehong bilang ng puwersa.


Gayundin, ang maximum na puwersa ay inilalapat kapag ang direksyon ng puwersa ay patayo sa wrench. Kapag gumagamit ng lever upang itaas ang isang bagay, gumamit ng mahabang rod upang ilapit ang suporta hangga't maaari sa bagay, at gumamit ng mas mahabang arm upang itaas ang bagay (Larawan 4-8).

Ito ay dahil may kaugnayan sa point of action kapag ang puwersa ay inilapat sa spanner, ang haba ng hawakan, at ang rod ng handle na nasa kamay.

